# MAYROON KANG KARAPATANG MAKATANGGAP NG **"GOOD FAITH ESTIMATE"** NA NAGPAPALIWANAG KUNG MAGKANO ANG MAGIGING GASTOS SA IYONG MEDIKAL NA PANGANGALAGA

Sa ilalim ng batas, kailangan ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na magbigay sa mga pasyenteng walang insurance o hindi gumagamit ng insurance ng pagtataya ng bayarin para sa mga medikal na item at serbisyo.

- May karapatan kang makatanggap ng Good Faith Estimate para sa kabuuang inaasahang gastos ng anumang hindi pang-emergency na item o serbisyo. Kabilang dito ang mga kaugnay na gastos gaya ng mga medikal na pagsusuri, iniresetang gamot, kagamitan, at bayarin sa ospital.
- Tiyakin na binigyan ka ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng nakasulat na Good Faith Estimate nang hindi bababa sa 1 business day bago ang iyong medikal na serbisyo o item. Puwede ka ring humingi sa iyong tagapagbigay ng panganglagang pangkalusugan, at anupamang tagapagbigay na pinili mo, para sa Good Faith Estimate bago ka mag-iskedyul ng isang item o serbisyo.
- Kung nakatanggap ka ng bayarin na kahit man lang $400 na mas malaki kaysa sa iyong Good Faith Estimate, puwede mong tanggihan ang bayarin.
- Tiyaking mag-save ka ng kopya o larawan ng iyong Good Faith Estimate.

Para sa mga tanong o higit pang impormasyon tungkol sa iyong karapatan sa isang Good Faith Estimate, bumisita sa www.cms.gov/nosurprises o tumawag sa (651) 968-5090.

**SUMMIT ORTHOPEDICS**